BAKUNANG PNEUMOCOCCAL CONJUGATE

ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang impeksiyon ng bakteryang *Streptococcus pneumoniae* ay maaaring maging sanhi ng malubhang sakit at kamatayan. Ang sumasalakay na sakit na pneumococcal ay siyang dahilan ng mga 200 kamatayan taun-taon sa mga batang wala pang 5 taong gulang. Ito ang pangunahing sanhi ng bakteryang meningitis sa Estados Unidos. (Ang meningitis ay isang impeksiyon ng panakip sa utak).

Taun-taon ang impeksiyong pneumococcal ay nagiging sanhi ng malulubhang sakit sa mga batang wala pang limang taong gulang. Bago nagkaroon ng bakuna, bawat taon ang impeksiyong pneumococcal ay naging sanhi ng:

- higit sa 700 kaso ng meningitis
- 13,000 impeksiyon ng dugo, at
- mga 5 milyong impeksiyon ng tainga

Ito ay maaari ring humantong sa iba pang problema sa kalusugan, kabilang ang:

- pulmunya
- pagkabingi
- pinsala sa utak

Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay unang-unang nanganganib na magkaroon ng malubhang sakit.

Ang bakteryang pneumococcus ay kumakalat sa mga tao sa pamamagitan ng malapit na kontak.

Ang impeksiyong pneumococcal ay maaaring mahirap gamutin dahil ang bakterya ay hindi na tinatalaban ng ilang gamot na ginagamit upang gamutin ang mga ito. Kaya lalong mahalaga ang **pagpigil** o paghadlang sa impeksiyong pneumococcal.

Ang bakunang pneumococcal conjugate ay makakatulong na mapigilan ang malubhang sakit na pneumococcal, tulad ng meningitis at mga impeksiyon ng dugo. Makakapigil din ito sa ilang impeksiyon ng tainga. Pero ang mga impeksiyon ng tainga ay maraming sanhi, at ang bakunang pneumococcal ay mabisa lamang laban sa ilan sa mga ito.

2 Bakunang pneumococcal conjugate

Ang bakunang pneumococcal conjugate ay inaprobahan para sa mga sanggol at maliliit na bata. Ang mga batang binakunahan noong sila ay mga sanggol pa ay mabibigyan ng proteksiyon kapag pinakamalaki ang panganib na magkaroon sila ng seryosong sakit.

May mga nakatatandang bata at may sapat na gulang na maaaring tumanggap ng ibang bakuna na tinatawag na bakunang pneumococcal polysaccharide. May hiwalay na Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna para sa mga taong tumatanggap ng ganitong bakuna.

3 Sino ang dapat tumanggap ng bakuna at kailan?

- **Ang mga Batang Wala pang 2 Taong Gulang**

  Ang pangkaraniwang iskedyul para sa bakunang pneumococcal conjugate ay 4 na dosis, isang dosis sa bawat isa sa mga sumusunod na edad:

  ✓ **2 buwan** ✓ **6 na buwan**
  ✓ **4 na buwan** ✓ **12-15 buwan**

  Ang mga batang hindi binakunahan sa mga edad na ito ay maaari pa ring tumanggap ng bakuna. Ang bilang ng mga dosis na kailangan ay depende sa edad ng bata. Itanong ang mga detalye sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

- **Ang mga Batang Nasa Pagitan ng 2 at 5 Taong Gulang**

  Ang bakunang pneumococcal conjugate ay inirerekomenda rin sa mga batang nasa pagitan ng 2 at 5 taong gulang na hindi pa nababakunahan nito at nasa malaking panganib na makaroon ng malubhang sakit na pneumococcal. Kabilang dito ang mga batang:

  – may sakit na sickle cell
  – may napinsalang spleen o walang spleen
  – may HIV/AIDS
  – may ibang mga sakit na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit, tulad ng diabetes, kanser, o sakit sa atay, o
  – tumatanggap ng gamot na nakakaapekto sa sistemang panlaban sa sakit, tulad ng chemotherapy o mga steroid, o
  – may talamak na sakit sa puso o baga

  Ang bakuna ay dapat isaalang-alang para sa lahat ng ibang mga batang wala pang 5 taong gulang, lalo na ang higit na nanganganib na magkaroon ng seryosong sakit na pneumococcal. Kabilang dito ang mga bata na:

  – wala pang 3 taong gulang
  – may lahing Katutubo ng Alaska, Amerikanong Indiyan o Aprikano Amerikano
  – dumadalo sa grupong pag-aalaga ng bata sa araw

  Ang bilang ng mga dosis na kailangan ay depende sa edad ng bata. Magtanong sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang detalye.

  Ang bakunang pneumococcal conjugate ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

4 May mga batang hindi dapat tumanggap ng bakunang pneumococcal conjugate o dapat maghintay

Ang mga bata ay hindi dapat tumanggap ng bakunang pneumococcal conjugate kung sila ay nagkaroon na ng malulubhang (nagbabanta sa buhay na) reaksiyong alerhiya sa naunang dosis ng bakunang ito. Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong anak ay nagkaroon na ng malubhang reaksiyon sa anumang bakuna, o nagkaroon ng malulubhang alerhiya.

Ang mga batang may magagaan na sakit, tulad ng sipon, ay maaaring bakunahan. Pero ang mga batang may kainaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa gumaling bago tumanggap ng bakuna.

5 Ano ang mga panganib mula sa bakunang pneumococcal conjugate?

Sa mga pag-aaral (halos 60,000 dosis), ang bakunang pneumococcal conjugate ay iniuugnay sa mga banayad na reaksiyon lamang:

- Humigit-kumulang sa 1 sanggol sa 4 ang nagkaroon ng pamumula, pananakit, o pamamaga kung saan ibinigay ang iniksiyon.
- Humigit-kumulang sa 1 sa 3 ang nagkaroon ng lagnat na higit sa 100.4°F, at humigit-kumulang sa 1 sa 50 ang nagkaroon ng mas mataas na lagnat (higit sa 102.2°F).
- May mga bata rin na naging maselan o inaantok, o nawalan ng ganang kumain.

Sa ngayon, wala pang malulubhang reaksiyon na iniuugnay sa bakunang ito. Gayunman, ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring maging sanhi ng malulubhang problema, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya. Ang panganib na ang bakunang ito ay magiging sanhi ng malubhang pinsala, o kamatayan, ay lubhang maliit.

6 Paano kung may kainaman o malubhang reaksiyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

Maghanap ng anumang hindi karaniwang kondisyon, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya, mataas na lagnat, o di-karaniwang kilos.

Ang malulubhang reaksiyong aleriya ay bihirang-bihira sa anumang bakuna. Kung ito man ay mangyari, malamang na maganap ito sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng iniksiyon. Kabilang sa mga palatandaan ang:

- paghihirap huminga
- pamamaos o paghuni
- pamamaga ng lalamunan
- panghihina
- mabilis na tibok ng puso
- pagkahilo
- pamamantal
- pamumutla

Ano ang dapat kong gawin?

- Tumawag ng doktor o dalhin kaagad ang tao sa doktor.
- Sabihin sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kung kailan ibinigay ang bakuna.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na magharap ng form ng Sistema sa Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O kayo mismo ang tumawag sa VAERS sa **1-800-822-7967**, o bisitahin ang kanilang website sa **http://www.vaers.org**.

7 Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna (The National Vaccine Injury Compensation Program)

Sa bihirang pagkakataon na ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng malubhang reaksiyon sa isang bakuna, isang pederal na programa ang nilikha upang matulungan kayong bayaran ang pangangalaga ng mga napinsala.

Para sa detalye tungkol sa National Vaccine Injury Compensation Program, tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang website ng programa sa **http://www.hrsa.gov/osp/vicp/**

8 Paano ako makakakuha ng iba pang kaalaman?

- Magtanong sa iyong doktor o nars. Sila ay makakapagbigay sa iyo ng inilalakip na pakete ukol sa bakuna o makakapagmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang programa sa imyunisasyon ng inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Kontakin ang Mga Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - **Call 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang website ng Pambansang Programa sa Imyunisasyon (National Immunization Program) sa **http://www.cdc.gov/nip**

U.S. DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention
National Immunization Program

Vaccine Information Statement
Pneumococcal Conjugate Vaccine IMM 577ML - Tagalog (9/30/02)
Translated by Transcend Translations, Davis, CA 42 U.S.C. § 300aa-26
http://www.transcend.net